
Senior High School

# Filipino sa Piling Larang (Sining at Disenyo)

## Unang Markahan – Modyul 1: Kahulugan ng mga Anyo ng Sulatin sa Sining at Disenyo



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q1_FilipinoSaPilingLarang_ Module1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino sa Piling Larang (Sining at Disenyo) – Baitang 12**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Kahulugan ng mga Anyo ng Sulatin sa Sining at Disenyo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Gina P. Canlas, Josephine B. Sandoval<br>Joseph S. Soriano |
| **Editor:** | Rodolfo F. De Jesus |
| **Tagasuri:** | Jenevieve S. Palattao |
| **Tagalapat:** | Heidee F. Ferrer, Brian Spencer B. Reyes |
| **Tagapamahala** | Jenilyn Rose B. Corpuz, Brian E. Ilan, Ebenezer A Beloy,<br>Heidee F. Ferrer, Rodolfo F. De Jesus |

**Inilimbag sa Pilipinas ng Sangay ng mga Paaralang Panlungsod, Lungsod Quezon**

**Kagawaran ng Edukasyon – Pambansang Punong Rehiyon**

Office Address: Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
Telefax: 920-5824; 926-2213 loc 801
E-mail Address: ncr@deped.gov.ph

Senior High School

# Filipino sa Piling Larang (Sining at Disenyo)

## Unang Markahan – Modyul 1: Kahulugan ng mga Anyo ng Sulatin sa Sining at Disenyo

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self- Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong, o estratehiyang magagamit ng mga magulang o sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa hinandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtapos ng aralin upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay nakararaanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala pa sila sa paaralan.



# *Alamin*

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa katulad mong mag-aaral na mabigyang-kahulugan ang iba't ibang anyo ng sulatin sa sining at disenyo partikular ang blog.

Nagtataglay ito ng mga gawain na lilinang sa iyong kasanayan upang higit na maunawaan ang iba't ibang anyo ng sulatin sa sining at disenyo. Nakapaloob dito ang mga kasanayang pampagkatuto gaya ng sumusunod:

Narito ang *Most Essential Learning Competencies* na lilinangin sa araling ito:

1. nabibigyang-kahulugan ang mga anyo ng sulatin sa sining at disenyo (CS_FSD11/12PB-0a-c 103);
2. nakikilala ang iba't ibang anyo ng sining at disenyo ayon sa:
   a. Layunin
   b. Gamit
   c. Katangian
   d. Anyo
   e. Target na gagamit (CS_FSD11/12PT 0a-c-91); at
3. nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sining at disenyo (CS_FSD11/12EP-0a-c-41).

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. nabibigyang-kahulugan ang mga anyo ng sulatin sa sining at disenyo (blog);
2. nasusuri ang layunin, gamit, katangian, anyo, target na gagamit ng blog; at
3. nakasusulat ng blog sa pamamagitan ng pananaliksik kaugnay ng layunin, gamit, katangian, anyo, target na gagamit nito.

Ngayong nabatid mo na ang mga layuning kailangang matamo sa modyul na ito, mahalagang malaman din natin ang taglay mong kaalaman sa paksa na iyong pag-aaralan sapagkat magiging batayan ito ng iyong guro kung paano ka niya tutulungan na pagyamanin ang iyong kaalaman. Halika! Subukin mong sagutin ang gawain sa susunod na pahina!

## *Subukin*

A. **PANUTO:** Basahing mabuti ang sumusunod na teksto at sagutin ang mga tanong sa susunod na pahina. Isulat ang iyong sagot sa hiwalay na papel.

Kasiyahang Taglay Mo

mula sa *blog* ni Bb. Wicia Ann M. Culaton sa *Wordpress.com*

Iba't ibang perspektiba at angulo, iba't ibang kwento ang nabuo. Sa bawat sulok na napuntahan, mga memoryang hindi makakalimutan. Isang bakasyon na hindi dapat kaligtaan. Isasali sa mga dapat puntahan. Kamanghamanghang istraktura, natatangi at kakaibang kultura. Iba't ibang lahi pare-parehas na may ngiti sa labi. Kakaibang karanasan, hinding- hindi matutumbasan kailanman.

Mamuhay na kabilang sa Europa. Hango sa mga siyudad ng Espanya at Italya. *Mckinley Hills Grand Canal Mall* matutunghayan ang sopistikadong kultura ng Europa. Manirahan, magtabaho, maglaro, matututo at maglibang iyan ang layunin nito. Natatanging ganda na sa kahit anong angulo mapapatingin ka. Ang Mckinley *Hills Grand Canal Mall* ay matatagpuan sa *Taguig City, Metro Manila.* Napakaraming paraan para makapunta sa *Mckinley Hills Grand Canal Mall.* Pupuwedeng mag jeep, bus, at tren o kaya naman ang mga pribadong sasakyan. Pagkarating doon, bungad pa lang ang iyong mga mata ay mabubusog na dahil sa napakagandang pambungad na istruktura. Sa pagpasok mararamdaman ang kakaibang pakiramdam. Ang pakiramdam dito ay nasa ibang bansa ka na sapagkat ito ang layunin ng lugar. Ang maipunta ang *Grand Canal* dito sa Pilipinas.

Binansagang *"Most Romantic Mall"* sa buong Pilipinas sa pagkat ka akit-akit ang istruktura at ang mga disenyo. Kinunsulta ng mga arkitekto ng *Mckinley Hills Grand Canal Mall* ang *Paolo Marioni Architetto* upang makuha ang tunay at orihinal na disenyo. Ang *Mckinley Hills Grand Canal Mall*, tulad din ng orihinal na *Grand Canal* sa Italya mayroon itong taglay na awra ng *Venice*. Marami pang tampok ang *Mckinley Hills Grand Canal Mall.* Pagkain, libangan, at sining lahat iyan ay matatagpuan sa *Mckinley Hills Grand Canal Mall.*

Tulad din ng mga Pilipino ang mga Italyano ay nakatuon sa pamilya, matulungin at mahilig sa pagkain. Ang mga Italyano rin ay mayroong malawak na komunikasyon sa kanilang mga magulang, anak, at mga kapatid. Dahil nga sa kanilang mga pamilya mahilig sila sa mga pagtitpon na kung saan ang "*pasta, wine at cheese*" ang mga pangunahing pagkain.

Isa sa mga ikinatutuwa ng mga turista ay ang *gandola ride* at ang mga kumakantang gandoliers na mayroon din sa Italya. Kahit na may kamahalan ang pagsakay sa gandola ride ito ay sulit sapagkat madadama mo ang malumanay na daloy ng tubig na galing sa artipisyal na kanal. Makakahiling ka rin na kantahin ang mga nananais mong mga kanta sa buong ikot sa lugar sakay ang gandola.

Pagkatapos mong basahin ang teksto, sagutan mo naman ang sumusunod na mga tanong batay sa teksto na iyong binasa. Isulat mo ang iyong sagot sa hiwalay na papel.

1. Ano ang layunin ng teksto?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
2. Sino ang target na mambabasa ng teksto?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
3. Ano ang tono ng teksto?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
4. Sa iyong palagay, anong uri ito ng teksto?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
5. Ilahad mo ang mensahe ng teksto na iyong binasa.
   ______________________________________________
   ______________________________________

## Balikan

Tingnan mo ang iyong paligid at pansinin ang mga bagay na likha ng bunga ng ibinigay na talento mula sa ating Manlilikha. Mula sa pagdidisenyo ng iyong tirahan, pinapasukang paaralan maging ang mga naglalakihang gusali ay bunga ng isang mahusay na pagpaplano at pagdidisenyo hanggang sa ito ay maitayo nang buong tatag. Pansinin ang mga gamit sa iyong tahanan mula sa mga kasangkapan, muebles at dekorasyon ay lubhang kahanga-hanga ang pagkakabuo. Napansin mo rin ba ang mga personal mong gamit mula sa sapatos, kasuotan, gamit sa paraalan ay bunga ng malikot na imahinasyon upang ito ay maidisenyo nang maayos bago ito buuin o magawa.

Ang bawat bagay na pinagbuhusan ng panahon, ginamitan ng imahinasyon at buong husay na plinano upang ito ay mabuo ay maituturing na isang obra na maaaring ipagmalaki na magsisilbing kaban ng yaman.

Ikaw naman ay lumikha ng isang obra na maituturing mong isang kayamanan. Maaaring isang tula, pagguhit, karikatura o islogan. Sumulat ng isang maikling paliwanag tungkol sa ginawa mong obra.

Paliwanag sa ginawang obra:

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

# *Tuklasin*

Nakakita ka na ba ng taong may *tattoo* sa katawan? Naisip mo ba kung saan ito nagmula? Marahil maraming pumapasok sa isipan mo sa tuwing may nakikita kang *tattoo* sa katawan ng isang tao. Basahin mo ang isang *Personal Blog* upang mas lalo mong maunawaan ang pinag-ugatan ng kasaysayan ng pagpipinta sa katawan.



Litrato mula kay Mawg64 - Own work, CC BY-SA 4.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=50374732

Nang makarating ang mga Espanyol sa Kabisayaan noong 1668 ay binansagan nilang pintados ang mga taong nakikita nilang may permanenteng makukulay na disenyo sa katawan. Nagmuula sa wikang Kastila ang pintados na ang ibig sabihin ay may pinta o guhit sa katawan ng tao. Hanggang sa paglipas ng panahon ay tinawag itong *tattoo* sa wikang Ingles subalit sa Cordillera ang tawag dito ay "fatek". Ang dami ng *tattoo* sa katawan ng mga kalalakihan ang nagpapahiwag ng kanilang kagitingan para sa mga kababaihan ito naman ay simbolo ng kagandahan.

Mula naman sa Buskalan, Tinglayan, Kalinga ay may isang alagad ng sining na tinaguriang "Huling Magbabatok" o tawag sa isang tradisyunal na pagta*tattoo*. Siya ay si Apo Whang Od na patuloy pa ring ibinabahagi ang angking galing sa edad na 100. Ang tadisyunal na gamit niya sa pagta*tattoo* ay sa pamamagitan ng tinik ng halaman ng suha at uling. Maraming tao ang dumarayo sa kanilang lugar upang magpa*tattoo* sa pinakamatandang magbabatok sa Kalinga. Ang kaniyang talento ay

Pinatutunayan lamang nito na ang sining ay hindi kumukupas at mananatiling buhay lalo pa kung ito ay naipasa sa mga susunod na henerasyon.

Mula sa iyong binasa ay alam kong nagkaroon ka na ng sariling ideya tungkol sa sining at disenyo. Ginamit ang *Personal Blog* na isang halimbawa ng anyong sulatin upang maipakita sa *social media* ang husay at talento ng isang pinoy. Ibigay mo ang iyong sariling pakahulugan sa sining at disenyo at ang kaugnayan nito sa mga anyo ng sulatin sa pamamagitan ng *Multi-directional cycle.*

Mula sa iyong binasa ay alam kong nagkaroon ka na ng sariling ideya tungkol sa sining at disenyo. Ginamit ang *Personal Blog* na isang halimbawa ng anyong sulatin upang maipakita sa *social media* ang husay at talento ng isang Pinoy.

Pagkatapos mong mabasa ang teksto, alam kong kayang-kaya mong sagutan ang sumusunod na mga tanong sa hiwalay na papel.

1. Ano ang layunin ng teksto?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
2. Sino ang target na mambabasa ng teksto?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
3. Ano ang tono ng teksto?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
4. Anong uri ito ng teksto?
   ____________________________________________
   ____________________________________________
5. Ano ang mensahe ng teksto?
   ____________________________________________
   ____________________________________________

Ibigay mo naman ang iyong sariling pakahulugan sa sining at disenyo at ang kaugnayan nito sa mga anyo ng sulatin sa pamamagitan ng *Multi directional cycle.* Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

**Sariling pakahulugan ng Sining**

______________________
______________________

**Sariling pakahulugan ng Disenyo**

______________________
______________________

**Kaugnayan ng sining at disenyo sa iba't ibang anyo ng sulatin**

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________



## Suriin

Kung babalikan natin ang binasang teksto, makikita natin na ang mga Pilipino ay may taglay na galing sa larangan ng sining. Mula sa mga obrang ipinamana nila sa iba't ibang henerasyon ay hindi maitatanggi na ang mga likhang-sining na ito ay tunay nga na kahanga-hanga.



Litrato mula kay By Edwin Juen Jr. - Own work, CC BY-SA 4.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=72812167

Sino ba ang hindi nakakaalam sa isa sa ipinagmamalaki nating mga Pilipino na kabilang sa "Ikawalong Kahanga-hangang Pook sa Mundo" na mula sa paglilok ng mga mamamayan ng Batad ay nakagawa sila ng hagdang-hagdang palayan na matatagpuan sa Banaue, Ifugao province.

Ipinagmamalaki naman ng mga taga-Zamboanga ang makukulay na tadisyunal na bangka na tinawag na "Vinta". Mula naman sa Paete, Laguna ay tanyag ang paglilok na sinasabing ginagawa na ito bago pa man dumating ang mga Kastila sa ating bansa. Sikat din sa lugar na ito ang laruang Taka o *paper mache* gamit ang pira-pirasong papel na hinugis upang makabuo ng hugis hayop o tao. Kung ikaw naman ay magagawi sa San Miguel, Bulacan ay makikita mo ang mga pabalat ng pastillas na kilala rin sa tawag na "*borlas de pastillas*."

Ilan lamang ito sa likhang sining ng mga Pilipino na sumasalamin sa pamumuhay, kultura, tradisyon at etnisidad ng ating bansa.



Litrato mula kay Julan Shirwod Nueva - Own work, CC BY-SA 4.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=82343118

Marami ring kilalang tao ang namayagpag ang pangalan sa larangan ng iba't ibang sining. Sa larangan ng pagpipinta ay kinilala ang husay ni Fernando Amorsolo na ginawaran bilang kauna-unahang *National Artist* o Pambansang alagad ng sining sa pintura noong 1972. Hindi rin pahuhuli si Juan Luna na isang pintor sapagkat ang medalyang ginto ay nakamit niya sa kanyang obrang *Spolarium* sa *Exposicion General de Bellas*

*Artes* sa Madrid noong 1884. Ang pangalan naman ni Guillermo Tolentino ang sikat sa larangan ng eskultor. Hindi rin pahuhuli ang isang guro na si Francisca Reyes Aquino sa pag-aaral niya ng mga katutubong sayaw. Sa larangan naman ng arkitektura ay kuminang ang pangalan ni Juan Nakpil na kauna-unahang ginawaran bilang Pambansang Alagad ng Sining sa arkitektura. Mula noon hanggang sa kasalukuyang panahon ay tumatak sa isipan ng mga Pilipino ang pangalan ng ating pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal dahil sa husay niya sa larangan ng pagsulat.

Ilan lamang sila na maituturing nating alagad ng sining. Marami pang umusbong ang mga pangalan sa iba't ibang henerasyon.

Sa Iba-iba mang larangan sila kinilala ito ay patunay na ang sining ay isang biyaya ng Maykapal na dapat pagyamanin at ibahagi upang magsilbing inspirasyon dahil sila ay maituturing na kayamanan ng ating lahi.

**Ano nga ba ang kahulugan ng sining?**

Ayon kay Almario et. al (2010)ang sining ay kalidad o produksiyon, o ekspresyon ng anumang maganda o kaakit-akit, at may kahalagahang higit sa karaniwan alinsunod sa mga prinsipyong estetiko.

Ayon kay Garcia at Geronimo 2017, 4 ang sining ay nagmula sa salitang latin na ars na nangangahulugang kakayahan na may katumbas din na salitang Griego na *techne* na pinagmulan naman ng salitang teknolohiya. Binanggit din nila ang iba't ibang anyo ang sining.

| | |
|---|---|
| Pagpipinta | sining ng paglalagay ng pigmento na may kulay at porma sa pamamagitan ng paggamit ng pinsel |
| Potograpiya | sining sa pagkuha ng mga larawan at pagtitimpla ng mga imahen mula sa tamang ilaw at anggulo tinatawag |
| Teatro | isang sining /larangan na nakatuon sa pagpaplano o pagsasaayos ng tanghalan |
| Musika | binubuo ng elemento ng ritmo, melodiya, timbre at harmonya |
| Sayaw | sining ng panggagaya at ekspresyon ng mga kilos o galaw na namamasid sa kalikasan |
| Eskultura | sining ng pag-uukit at pagpoporma ng mga bato, metal, at iba pang makabagong materyal gaya ng kasangkapang elektroniko |

Ang disenyo naman ay ang pagbuo ng isang plano para maitayo ang isang bagay. Ayon naman kay Villanueva at Bandril 2016, 138 ang disenyo ay isang padron o hulagway ng isang sining. Salamin ng sinop at pagpino sa anumang sining upang palitawain ang ganda at anyo nito. Naniniwala rin sina Villanueva at Bandril 2016, 127-130 na ang sining at disenyo ay kapwa may malaking gampanin sa pagsulat ng isang akademikong sulatin sapagkat ito ang magiging lunsaran upang maitala ang mga obra at produktong gawa ng mga mamamayan upang ito ay tangkilikin, pahalagahan at pagyamanin. Sa pamamagitan ng akademikong sulatin ay mailalahad nito ang pinag-ugatan ng sining at disenyo o proseso ng pinagdaanan nito upang mas lalo itong umunlad at lumawak. Ilang kurso na sakop ng sining at disenyo ay ang may kinalaman sa Arkitektura, Pinong Sining, pagpipinta, *industrial* at *interior design*, potograpiya, adbertismo na nakatuon sa pagdidisenyo. Ang akademikong sulatin sa sining at disenyo ay may layuning manghikayat na tangkilikin ang pamana ng ating lahi, magpamulat na kailangang pangalagaan at ipreserba ang mga ito at magpalaya upang mabigyan ng pagkakataon ang mga mamamayan na makapagpasya sa nararapat na gawin sa mga likhang-sining.

Ang ilang paraan ng pagsulat ng isang akademikong sulatin tungkol sa sining at disensyo ay sa pamamagitan ng pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatuwiran. Masasabing pagsasalaysay ang akademikong sulatin kaugnay ng sining at disenyo kung ito ay nagkukwento ng pinagmulan ng isang sining at disenyo. Paglalarawan naman ang isang akademikong sulatin kung detalyadong naglalarawan ng sining at disenyo. Paglalahad naman ang isang akademikong sulatin sa sining at disenyo kung ito ay nagpapaliwanag ng ilang mahahalagang impormasyon na dapat maunawaan ng mambabasa. Pangangatuwiran naman ang isang akademikong sulatin sa sining at disenyo kung inilalatag ang katuwiran o paninindigan na may pinagbabatayan.

Ayon kay Villanueva at Bandril 2016 ang anyo ng sulatin sa sining at disenyo ay ang mga sumusunod:

| | |
|---|---|
| *Blog* | madalas inilalagay sa isang host *website* o ang *social network site* ang uri ng sulating ito. Pinaikling salita na *weblog* na tumutukoy sa mga akda o sulatin na makikita sa *internet*. Kalimitang naglalaman ang *blog* ng mga salita, litrato, *video*, *link* hinggil sa karanasan, saloobin, hilig, opinyon, pananaw ng isang *blogger* |
| Teleserye | isang uri ng napapanood sa telebisyon na tinatangkilik ng maraming Pilipino. Nagmula sa salitang “tele”na pinaikling salita sa telebisyon at “serye”sa salitang tagalog para sa *series* |
| Islogan | maikling pagpapahayag ng mga kaisipan, pananaw na isinulat sa malikhaing pamamaraan upang manghikayat, magpakilos, maglahad at maglarawan. Ito rin ay isang paraan na ginagamit na midyum bilang adbertisemet o patalastas |

| | |
|---|---|
| *Novelty Songs* | kabilang sa *Original* Pilipino *Music* na tinatangklik ng masang Pilipino dahil ito ay nakakaindak, may nakakatuwang kahulugan at madaling tandaan |
| Mural | mga naglalakihang kambas na pinintahan ng iba't ibang imahen na may taglay na mensahe o kahulugan upang magpamulat, magpakilos at magpalaya |
| *Billboard* | malaking istruktura na naglalaman ng anunsiyo ng iba't ibang produkto at serbisyo na madalas makita sa lansangan |
| Iskrip | mula sa salitang Latin na "*scribere*" na ang ibig sabihin ay sumulat. Tumutukoy ito sa mga nasusulat na mga salita ng dula, pelikula, o mensahe na ipinararating sa pamamagitan ng tao o telepono |
| Flash Fiction | isang napaikling kuwento na mauugat pa sa panahon ng *Aesop's Fables* |
| Fliptop | tinatawag na modernong balagtasan na isinasagawa sa pamamagitan ng pagtatalong oral na pa-rap |
| Pick up Lines | makabagong bugtong na kung saan ay may tanong na sinasagot ng isang bagay na madalas naiuugnay sa pag-ibig at aspeto ng buhay |
| Tekstula | pinaghalong text at pagtula na may sukat at tugma na nabuo sa pamamagitan paggamit ng cellphone |
| Tulaan sa Tren | mga poster ng tula na inilalagay sa loob ng tren na naging proyekto ng ng NBDA at LRTA. May ilan ding artista na nagbabasa ng tula na pinakikinggan ng mga manlalabay habang nakasakay sa tren. |

Kung iyong mapapansin, ang bawat anyo ng sulating sining at disenyo ay may iba't gamit. Lahat ay may tiyak na layunin kung ano ang nais na iparating nito sa kanyang mga mambabasa gaya ng iyong matutunghayan sa ibaba.

Iyong basahin at pag-aralan isang halimbawa ng tiyak na anyo ng sulatin sa sining at disenyo at atin itong suriin pagkatapos.

**Anak ng Isang Motor Delivery Rider**
**(Isang *personal blog*)**

"Mahina, walang gaanong kita!" Araw-araw kong naririnig ang mga katagang ito sa bibig ng aking tatay sa tuwing siya ay umuuwi galing sa maghapong pagbibiyahe. Nalulungkot ako kapag sinasabi ito ng tatay pero bigla rin akong nabubuhayan ng loob kapag sumasagot si nanay… "Mas maigi na ang mayroon kahit maliit kesa wala."

Sa panahon ngayon na mayroong pandemya, sa panahon ngayon na bawal lumabas ang tao dahil sa bagong strain ng COVID, napaka-indemand ni tatay sa kaniyang mga kostumer. Basta't tumunog ang kaniyang cellphone, agad niyang pupuntahan ang tindahan, restawran, mall, o kahit na saang lugar na may nais ipabili ang kaniyang kostumer. Minsan nga itinatanong ko sa aking sarili, napapagod kaya ang tatay? Kasi wala siyang tigil sa pagtatrabaho, pati araw ng Sabado at Linggo, hindi siya nagpapahinga. Aalis siya ng alas-singko ng umaga at babalik ng ala-siyete ng gabi. Walang rin siyang holiday, dahil dun daw mas maraming nagpapabook na kostumer.

Noong isang araw naman na malakas ang ulan, bigla akong napaisip, waterproof ba ang tatay? Kasi maghapong umulan pero hindi siya tumigil sa pagdedeliver. Baha na ang karamihan ng kalye na kaniyang dinaraanan, pero hindi pa rin siya umuuwi. Basta pagdating niya sa bahay noong isang gabing malakas ang buhos ng ulan, tinanggal niya lang ang kaniyang basang damit, naligo, tinawag ang nanay, at sinabing ipaghain siya ng hapunan.

Madalas akong manabik sa kaniya… na maglaro kami, na kumustahin niya ako, o magkuwentuhan tungkol sa mga bagay-bagay. Pero iniisip ko na lang, pagod si tatay. Kailangan niyang magpahinga. Kailangan na niyang matulog dahil gigising pa siya nang maaga kinabukasan para magtrabaho, para may maiuwing pera panggastos ni nanay sa mga kailangan namin, para kahit paano ay may bitbit na isang supot ng pansit na minsan na naming pinag-agawang magkakapatid.

Alam ko madalas walang nakakapansin sa pagsasakripisyo ng katulad ni tatay. Yung tipong pinapansin lamang nila ang katulad ni tatay dahil may gusto silang ipadeliver na produkto. Yung tipong sa halip na magpasalamat na lang sila sa katulad ni tatay dahil naghatid ito ng serbisyo, e aangasan pa dahil matagal na naideliver ang order nila.

Pero kahit wala siyang panahon sa amin, napakalaki ng respeto ko kay tatay. Kung alam nyo lang kung gaano karaming oras ang ibinibigay niya sa paghahanap ng kostumer sa halip na mailaan sa pamilya, sa aming mga anak niya. Kung nakikita nyo lang kung gaano siya kadalas mabasa ng ulan o mainitan sa kalye. Kung alam nyo lang na mas malaki ang tiyansang makakuha siya ng sakit dahil araw-araw siyang nasa labas para mabili at maihatid ang mga kailangan at gusto ninyo. Mahal na mahal ko ang tatay… at kahit na wala siyang panahon makipaglaro sa amin o makipagkuwentuhan, ramdam na ramdam kong mahal na mahal niya rin kami! Saludo ako at ipinagmamalaki ko na siya ay isang *motor delivery rider*!

Nagustuhan mo ba ang iyong binasa? Ito ay isang halimbawa ng *blog (personal blog).* Sa ating pagtalakay sa iba't ibang anyo ng sulating sining at disenyo, atin nang nabigyang-kahulugan ang ***blog***. Kung iyong maaalala, ito ay madalas na inilalagay sa isang *host website* o *social network site.* Ito rin ay pinaikling salita na *weblog* na tumutukoy sa mga akda o sulatin na makikita sa *internet* na kalimitang naglalaman ng mga salita, litrato, *video, link* hinggil sa karanasan, saloobin, hilig, opinyon, pananaw ng isang *blogger* (Villanueva at Bandril, 2016).

Ang *blog* ay isang makabagong pamamaraan ng pagsusulat. Kung dati-rati, sa pahayagan, aklat, magasin, at iba pang babasahin lamang tayo nakapupulot ng impormasyon, ngayon ay maaari na nating mabasa ang mga impormasyong ito sa *web* o sa *internet.* Ang *blog* ay maihahalintulad din sa isang talaarawan o *diary* kung saan ating isinusulat ang mga impormasyon na batay sa ating sariling karanasan, hilig, opinyon, o saloobin hinggil sa isang paksa o bagay.

Napakalaga rin sa mga nagsusulat ng *blog* na maalam sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag: ang paglalahad, paglalarawan, pagsasalaysay, at pangangatuwiran sapagkat ito ang magiging kasangkapan ng isang *blogger* upang higit na makaakit ng mga mambabasa.

Isa rin sa dapat isaalang-alang sa pagsulat ng *blog* ang target na awdyens. Nararapat na matiyak kung sino ang iyong kausap, ano ang alam at hindi niya alam, at ano ang nais niyang malaman. May ilang impormasyon na makatutulong upang matukoy kung ano-ano ang mga detalye na dapat isama sa isang sulatin gaya ng blog (Badayos, 2001):

1. Anong paraan ang aking gagamitin upang maging malinaw ang mga ideya o kaisipan na ilalahad sa aking awdyens?
2. Anong paraan ng pagpapahayag ang aking gagamitin?
3. Paano ko isusulat ang aking pagtalakay sa tiyak na kaisipan o paksa?
4. Pormal ba o impormal ang magiging tono ng aking pagsulat?
5. Gaano ka dapat na maging maingat sa gramatika at wastong pagbabantas?

Kung isasaalang-alang mo ang mga tanong na ito, tiyak na ikaw ay makabubuo ng isang sulatin gaya ng blog na tatangkilikin ng iyong mga mambabasa.

Ating balikan ang iyong binasang teksto sa nagdaang pahina at suriin ito batay sa sumusunod na mga tanong:

1. Anong anyo ng sulating sining at disenyo ang iyong binasa?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Ano ang layunin ng teksto?


   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Napukaw ba ang iyong interes sa binasang teksto? Pangatuwiranan.

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________



# *Pagyamanin*

Marami tayong likhang sining na dapat ipagmalaki. Ang mga likhang sining na ito ay kalimitang makikita natin sa iba't ibang pagdiriwang sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Ang ***Masskara Festival*** sa Bacolod ay ipinagdiriwang tuwing Oktubre, ang ***Panagbenga*** *Flower Festival* naman ay ipinagdiriwang tuwing Pebrero. Ilan lamang ito sa mga pagdiriwang na makikita ang pagiging malikhain ng mga Pilipino mula sa kasuotan, dekorasyon at iba. Ang mga sining na ito ay sumasalamin sa tradisyon at mayamang kultura nating mga Pilipino. Tunay nga na ang mga obrang ito ay dapat pagyamanin, tangkilikin upang mayroon tayong maipamana sa mga susunod na henerasyon.

Batay sa larawan kaugnay ng sining at disenyo ay sumulat ka ng isang anyo ng sulatin. Isaalang-alang ang (a)Layunin(b)Gamit (c)Katangian (d ) Anyo (e) Target na gagamit sa pagsulat nito.

**a. Layunin-** ito ay tumutuon upang makapagpakilala, makapanghikayat, magpagalaw o magpakilos at magbigay ng pagkakataon sa manunulat na makilala ang husay sa sining

**b. Gamit-** ito tumutukoy sa tatlong pangunahing gamit:

- a. **Personal**-lumalabas dito ang sining sa pamamagitan ng sarili, komunikasyon sa isang tao, karanasang estetiko, pagbibigay ng kasiyahan sa kapwa, panggagamot, pagkontrol, o anumang pagsisilbi sa personal na interes at kapakinabangan ng indibidwal.
- b. **Pisikal**-ang gamit ng sining sa pagganap lalo na sa serbisyo at pagresponde sa pangangailangan ng isang indibidwal o kolektibo halimbawa nito ay ang mga *mall*, hotel, tirahan at iba pa.
- c. **Panlipunan**-ito naman ang gamit ng sining kung ang pakay nito ay makaimpluwensiya ng pag-uugali ng tao, ginawa upang makita at magamit sa pampublikong sitwasyon.
  Maaari ding ang gamit nito ay upang makapanghikayat, makapagpamulat at magpalaya.

**c. Katangian-** nakatuon ito sa paraan ng pagsulat. Ito ba ay nagsasalaysay, naglalarawan, naglalahad o nangangatuwiran.

**d. Anyo-** nakatuon ito sa titulo o pamagat, introduksiyon , katawan at kongklusyon

**e.Target na babasa-**tumutukoy sa taong pinaglalaanan ng sulatin

| Rubrik sa Pagsulat ng Sulatin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Nagawa nang tama ang lahat** **4** | **Nagawa nang may 1-2 mali** **3** | **Nagawa nang 3 o higit pang mali** **2** | **Hindi Nagawa** **1** |
| 1. Nabaybay nang wasto ang mga salita | | | | |
| 2. Nagagamit ang mga tamang bantas sa pangugusap | | | | |
| 3. Nailahad nang maayos ang mga kaisipan o ideya | | | | |



## ***Isaisip***

Matapos mong pag-aralan ang kahulugan ng mga anyo ng sulatin sa sining at disenyo partikular ang blog, nais kong ibigay mo ang iyong natutuhan at naunawaan sa pamamagitan ng pagpupuno sa 3-2-1 Tsart. Isulat ang iyong sagot sa isang malinis na papel.

**3** — Magbigay ng tatlong anyo ng sulatin sa sining at disenyo
→ 1
→ 2
→ 3

**2** — Magbigay ng dalawang katangian ng sulatin batay sa gamit nito
→ 1
→ 2

**1** — Magbigay ng isang paraan kung paano mapahahalagahan ang iba't ibang anyo ng sulatin sa sining at disenyo?
→ 1



# *Isagawa*

Pagkatapos mong mapag-aralan ang tungkol sa iba't ibang anyo ng sulatin sa sining at disenyo partikular ng blog, inaasahan na ikaw ay makagagawa na ng isang sulatin.

Ipagpalagay na ikaw ay isang *blogger* at magtatampok ka ng *blog* hinggil sa iyong karanasan sa *distance learning.* Ang iyong gagawing sulatin ay iyong ipopost sa sariling *blog site*. Magsagawa ng pananaliksik hinggil sa *distance learning* upang maging wasto ang impormasyon na ilalagay sa *blog.* Gawing gabay ang Pamantayan sa Pagmamarka sa pagsulat ng iyong blog.

**Pamantayan sa Pagmamarka ng Blog**

| Pamantayan | Napakahusay (5 puntos) | Mahusay (4puntos) | Magaling (3 puntos) | Mabuti (1-2 puntos) | Iskor |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Kompleto ang mahahalagang nilalaman ng sulatin mula sa mahahalagang kahulugan, kasaysayan, katangian, layunin, gamit nito. | Halos taglay ang lahat ng mahahalagang nilalaman ng sulatin mula sa kahulugan, kasaysayan, katangian, layunin, gamit nito. | Kalahati ang taglay na mahahalagang nilalaman ng sulatin mula sa kahulugan, kasaysayan, katangian, layunin, gamit nito. | Kaunti lamang sa mahahalagang nilalaman ng sulatin ang natalakay gaya ng kahulugan, kasaysayan, katangian, layunin, gamit nito. | |
| **Pagsunod sa Proseso ng Pananaliksik** | Nasusunod ang lahat ng mahahalagang proseso o hakbang sa pananaliksik ukol sa sulatin | Halos taglay ang lahat ng mahahalagang proseso o hakbang sa pananaliksik ukol sa sulatin | Kalahati ang taglay na mahahalagang proseso o hakbang sa pananaliksik ukol sa sulatin | Kaunti lamang ang taglay na mahahalagang proseso o hakbang sa pananaliksik ukol sa sulatin | |
| **Organisasyon ng mga ideya** | Ang lahat ng nilalaman at ideya ng sulatin ay nagtataglay ng kaisahan at kaugnayan | Halos lahat ng ideya at nilalaman ng sulatin ay nagtataglay ng kaisahan at kaugnayan. | Kalahati ng mga ideya at nilalaman ng sulatin ang nagtataglay ng kaisahan at kaugnayan. | Kaunti lamang sa mga ideya at nilalaman ng sulatin ang nagtataglay ng kaisahan at kaugnayan. | |
| **Pagsunod sa Tuntunin ng Gramatika** | Nakasusunod sa lahat ng mga tuntunin gramatikal gaya ng pagbabantas, kapitalisasyon, atbp. | Halos nakasusunod sa lahat ng tuntunin gramatikal gaya ng pagbabantas, kapitalisasyon, atbp. | Kalahati ang nakasusunod sa tuntunin gramatikal gaya ng pagbabantas, kapitalisasyon, atbp. | Kaunti lamang ang nasusunod sa tuntunin gramatikal gaya ng pagbabantas, kapitalisasyon, atbp. | |
| **Kabuoang Iskor** | | | | | |



## *Tayahin*

A. Isulat sa patlang kung anong anyo ng sulating sining at disenyo ang mababasa sa sumusunod na bilang. Pagkatapos, tukuyin ang katangian at ibigay ang mensahe nito. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

1.

*COVID19* AY SUGPUIN, KALINISAN AY PAIRALIN
KUNDI SA OSPITAL O LIBINGAN IKAW AY DADALHIN

A. Anyo ng Sulating Sining at Disenyo: ______________________
B. Katangian: ____________________________________________
C. Mensahe: ____________________________________________

2.


Ale, puwit mo ay isiksik
iwasan ding umidlip
gamit mo'y hawakan nang mahigpit
upang ito'y di mawaglit

A. Anyo ng Sulating Sining at Disenyo: ____________________
B. Katangian: ____________________________________________
C. Mensahe: ____________________________________________

3.

Facemask ka ba?
(Bakit?)
Kasi hindi kita pwedeng iwan e!

A. Anyo ng Sulating Sining at Disenyo: ____________________
B. Katangian: ____________________________________________
C. Mensahe: ____________________________________________



## *Karagdagang Gawain*

Marami pang likhang sining na hindi pa nakikilala ng buong kapuluan. Maraming mahuhusay na Pilipino ang nakatutuklas ng kakaiba na maituturing nating sining. Tulad na lamang sa pagpipinta mula sa paggamit ng kape at tubig ng isang babaeng taga-Sultan Kudarat na si Jeniffer Anciano ay nakalikha siya ng isang obra.

Sino rin ang mag-aakala na maaaring magamit sa pagpipinta ang abo na binuga ng Bulkang Taal noong Enero 12, 2020. Natuklasan naman ito ni Janina Sanico nang gamitin niya ang abo na hinaluan ng tubig at binder sa kanyang pagpipinta.

Magsagawa ng isang panimulang pananaliksik hinggil sa sining at disenyo. Sumulat ng isang sulatin na nagpapakita ng kahulugan, kalikasan at katangian nito. Isulat ang kasagutan sa isang hiwalay na papel.

____________________________________

Pamagat

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## *Susi sa Pagwawasto*

Subukin

Ang mga sagot sa bahaging ito ng modyul ay iwawasto ng guro.

Tayahin

1. Islogan
2. Tulaan sa Tren
3. Pick-Up Line

# *Sanggunian*


Almario Virgilio. ,et. al. 2010. UP Diksyonaryong Filipino (Binagong Edisyon). Quezon City. Anvil Publishing Inc.

Badayos, Paquito B. 2001. Retorika: Susi sa Masining na Pagpapahayag. Makati City: Grandwater Publications.

Garcia, Fanny A. and Jonathan V. Geronimo. 2017. Filipino sa Piling Larangan (Sining at Disenyo).Quezon City: Rex Bookstore, Inc.

Villanueva, Voltaire M. and Lolita T. Bandril. 2016. Pagsulat sa Filipino sa Piling Larangan (Akademik at Sining).Quezon City: Vibal Group, Inc.

Rocero, Mary Rose. 2020.Abo mula sa Bulkang Taal, ginamit ng isang Filipina artist sa kanyang sining. Inaakses noong Enero 31, 2020. http://radyopilipinas.ph/rp-two/articles/arts-culture/abo-mula-sa-bulkang-taal-ginamit-ng-isang-filipina-artist-sa-kanyang-sining

Ansagay, Chat. 2018. Kapeng pampagising, gamit sa sining ng 18 anyos sa Sultan Kudarat. Inaakses noong Abril , 4, 2018. https://news.abs-cbn.com/life/04/04/18/kapeng-pampagising-gamit-sa-sining-ng-18-anyos-sa-sultan-kudarat

Gumising. 1995. Ano nga ba ang Sining?. Inaakses sa https://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/101995801#h=3

Cite this article as: Luna, Juan. (2015). In V. Almario (Ed.), Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/luna-juan/

Cite this article as: Amorsolo, Fernando. (2015). In V. Almario (Ed.), Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/amorsolo-fernando/

Cite this article as: Pintados. (2015). In V. Almario (Ed.), Sagisag Kultura (Vol 1). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/pintados/

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph